# *Kaunawaan sa Pagsisisi bilang isang daan ng Buhay*

***"28 Datapuwa't ano sa akala ninyo? Isang taong may dalawang anak; at lumapit siya sa una, at sinabi, Anak, pumaroon at gumawa ka ngayon sa ubasan. 29At sinagot niya at sinabi, Ayaw ko: datapuwa't nagsisi siya pagkatapos, at naparoon. 30At siya'y lumapit sa ikalawa, at gayon din ang sinabi. At sumagot siya at sinabi, Ginoo, ako'y paroroon: at hindi naparoon. 31Alin baga sa dalawa ang gumanap ng kalooban ng kaniyang ama? Sinabi nila, Ang una. Sinabi sa kanila ni Jesus, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na ang mga maniningil ng buwis at ang mga patutot ay nangauuna sa inyo ng pagpasok sa kaharian ng Dios. 32Sapagka't naparito si Juan sa inyo sa daan ng katuwiran, at hindi ninyo siya pinaniwalaan; datapuwa't pinaniwalaan siya ng mga maniningil ng buwis at ng mga patutot: at kayo, sa pagkakita ninyo nito, ay hindi man kayo nangagsisi pagkatapos, upang kayo'y magsipaniwala sa kaniya." (Mateo 21:28-32)***

Sa talinghagang ito na ibinigay ni Jesus at sa nagtanong matutunan natin ang mga bagay tungkol sa kasalanan at pagsisisi.

***"28 Datapuwa't ano sa akala ninyo? Isang taong may dalawang anak; at lumapit siya sa una, at sinabi, Anak, pumaroon at gumawa ka ngayon sa ubasan." (Mateo 21:28)*** Narito ang ama ay nagtanong sa dalawang anak ng tanong na pumaroon at gumawa sa ubasan. Inuutusan ng Diyos ang bawat isa sa atin upang gawin ang tiyak na mga bagay para sa kanya at paglingkuran din siya. Ang ubasan ang ay kanyang simbahan at ang ministerio na ipinagkatiwala sa atin ng Diyos, na kailangan nating paglingkuaran siya doon. Ang ama dito ay walang iba kundi ang kanyang dalawang anak na siya umaasa sa kanila, na pagkatapos niya sila ang hahawak sa gawain sa ubasan, ang lugar na kanilang binubungkal sa ubasan at pinaparami ang bunga na kailangan nila sa kanilang ikabubuhay, at para sa ikabubuhay at pamumuhay ng iba, at kailangan nilang ipuhunan ang kanilang panahon at ang kanilang pagsusumikap at pinagkukunan nito. Kaya ay katulad sa atin ngayon na kailangan nating gawin ang ating mga gawain at mga takdang gawain sa mabuting gawa ng Diyos at sa paglilingkod sa kanya.

***"29At sinagot niya at sinabi, Ayaw ko: datapuwa't nagsisi siya pagkatapos, at naparoon." (Mateo 21:29)*** Ang sinabi ng unang anak sa kanyang ama, ***Ayaw ko:*** Yaon ay kasalanan sapagkat siya ay tumanggi at sumuway sa iniuutos ng kanyang ama na pumaroon at gumawa sa ubasan. Kapag tayo'y tumangging sumunod sa kautusan ng Diyos na pumaroon at gumawa, at kapag tumanggi tayo sa kautusan ng Diyos na pumaroon at maglingkod sa kanya sa partikular na dako na inilagay niya sa atin o nais niya sa atin para maglingkod, sa gayon tayo ay nagkakasala laban sa Diyos.

Ang Salita ng Diyos ay nagsasabi sa atin dito: ***datapuwa't nagsisi siya pagkatapos, at naparoon.*** Pagkatapos siya ay nagsisisi bilang nabago ang kanyang isip. Bago sa kanyang isip ay ayaw niyang magtrabaho, ngunit ngayon sa kanyang isip ay gustong pumaroon at gawin ang gawain at gawin ang paglilingkod na nais ng Diyos na gawin niya sa tiyak na dako na itinalagang gawin ng kanyang ama. ** Ang kanyang ginawa ay tinatawag natin itong naantalang pagsunod, at ang panaon mula sa oras na sinabi ng kanyang ama hanggang ginawa niya ang gawain tinatawag natin itong isang panahon ng pagsuway, kaya naman ang naantalang pagsunod ay pagsuway. * Ang anak na iyon ay mas mabuti kay sa pangalawang anak, dahil siya wala sa kasukdukalan ng Diyos na nagnanais ng lubos at madaling pagsunod.*

***"30At siya'y lumapit sa ikalawa, at gayon din ang sinabi. At sumagot siya at sinabi, Ginoo, ako'y paroroon: at hindi naparoon." (Mateo 21:30)*** Ang ama ay nagbigay ng parehong utos sa kanyang pangalawang anak. Ang Diyos ay matuwid at ibibigay niya ang pareong utos sa kanyang bayan dahil itinuturing niya ang lahat ng pantay pantay at ibibigay ang sa kanila ang parehong pagkakataon upang sumunod at pumaroon at maglingkod sa Kanya. Ang pangalawang anak, ay sumagot sa kanyang ama at sinabi sa kanya, "***Ginoo, ako'y paroroon:"*** na susunod sa siya sa utos at paroroon at maglilingkod, ngunit hindi siya pumaroon. Ngayon ang ama ay umaasa sa kanyang pangalawang anak na pumaroon at simulang gawin ngunit sa totoo lang hindi niya ginawa, at iyon ay nakasisira sapagkat siya ay nakadepende sa kanya ngunit hindi niya ginawa. Ang dahilan na ang ama ay pumunta sa pangalawang anak ay dahil kinakailangan niyang magpadala ng iba para gawin ang gawain sa ubasan. *Pagtantuhin ngayon na kapag ikaw ay nangako sa Diyos na gawin ang isang bagay at hindi mo ginawa sa gayon ikaw ay nagdudulot ng pinsala upang mangyari.*

***"31 Alin baga sa dalawa ang gumanap ng kalooban ng kaniyang ama? Sinabi nila, Ang una. Sinabi sa kanila ni Jesus, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na ang mga maniningil ng buwis at ang mga patutot ay nangauuna sa inyo ng pagpasok sa kaharian ng Dios." (Mateo 21:31)*** Narito si Jesus ay nagtanong, "***Alin baga sa dalawa ang gumanap ng kalooban ng kaniyang ama?"*** *Sa huli nais ng Diyos sa iyo na gawin ang Kanyang kalooban at upang magtiyaga sa pagkamit niyaon*. Oo totoo ang unang anak ay tumangging una at naantalang sumunod ngunit sa huli ay sumunod sa kalooban ng kanyang ama. *Narito makikita natin ang biyaya at awa ng Diyos sa atin na anumang oras tayo'y tatanggapin at sumunod sa Kanyang kalooban tatanggapin tayong muli at pauunlakan sa pamamagitan ni Cristo.*

Ngayon ano ang ibig niyang sabihin dito: ***“Sinabi sa kanila ni Jesus, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na ang mga maniningil ng buwis at ang mga patutot ay nangauuna sa inyo ng pagpasok sa kaharian ng Dios.”*** Hindi dahil hindi iniisip ng Diyos ang mga nangingkil at nandadaya, at hindi dahil hindi iniisip ng Diyos ang gumagawa ng mga immoralidad. Hindi, hahatulan ng Diyos ang lahat sa mga gumawa ng ganoon, ngunit sa ganon pauunlakan Niya sila kapag binago nila ang kanilang pagiisip at magsisi at bumalik muli sa Diyos. Sa ganoong uri ng mga tao sa kanila sa mga nagnanakaw, at gumagawa ng kasamaan at immoralidad ay tinangggihang mga tao sa paningin ng mga tao may pananampalataya sapagkat sila’y may makasalanang paraan ng buhay. Ngunit sa mga parehong mga tao kapag sila’y nagsisisi at sinimulang gumawa ng mabuti sila ay makakapasok sa Kaharian ng Diyos bago sa mga nakakilala kay Cristo ***“Ginoo, ako'y paroroon:”***, ngunit pagkatapos noon hindi nila ginawa.

***“32 Sapagka't naparito si Juan sa inyo sa daan ng katuwiran, at hindi ninyo siya pinaniwalaan; datapuwa't pinaniwalaan siya ng mga maniningil ng buwis at ng mga patutot: at kayo, sa pagkakita ninyo nito, ay hindi man kayo nangagsisi pagkatapos, upang kayo'y magsipaniwala sa kaniya.” (Mateo 21:32)*** Narito ang Panginoon ay ipinaliwanag pa sa mga Fariseo sa mga Judio ang tungkol sa anong ibig sabihin ng pagsisisi, at ipinadala sa kanila si Juan Bautista na pumunta sa kanila ng may mensahe ng pamumuhay sa paraan ng pagkamatuwid, pamumuhay sa paraan sa paggawa ng kalooban ng Diyos, ngunit sila’y hindi nangasipaniwala sa kanya, at sila’y hindi nagsisi, tumanggi silang magpabautismo sa tubig, sa pagiging bayan ng Diyos at sa nagsabi sa Diyos kami’y maglilingkod sa iyo at susunod sa iyo, ngunit hindi nila ginawa. *Ang katulad sa atin ngayon gaya ng marami na tinatawag na mga Cristiano, tinatawag sa pangalan ni Cristo, sila’y naninikluhod sa Diyos at ipinahayag ang kanilang katapatan ngunit sila’y tumanggi hanggang sa ngayon na sumunod sa kalooban ng Diyos at sa Kanyang utos sa kanila na pumaroon at maglingkod sa Kanyang ubasan.* Sa gayon, habang ang mga publikano at patutot ay nilampasan ang mga Fariseo nang sila ay nagsisi at tinalikuran ang kanilang mga kasalanan, nagpabautismo sa tubig at nakapasok sa Kaharian ng Diyos bago ng mga Fariseo. Ang katulad sa ngayon, sa mga nabubuhay sa kasalanan, kapag sila’y nagsisi, sila’y makakapasok sa Kaharian ng Diyos bago sa mga maraming mga Cristiano na pumupuno sa mga simbahan ngunit walang pagsisisi at walang gawa ng paglilingkod na lumalabas sa kanilang mga kamay at sa kanilang pamumuhay at hindi nila ginagawa ang kalooban ng Diyos sa kanilang buhay.

Ang ibig sabihin ng pagsisisi ay ang mga sumusunod:

1. Ay upang bumalik kung anong sinabi sa iyo ng Diyos upang gawin.
2. Ay upang tanggapin kung anong sinabi ng Diyos sa iyo upang gawin.
3. Ay pumaroon at gawin ang gawain na tinanggihan mo na gawin gaya ng unang anak.
4. Ay upang pumaroon at gawin ang ipinangako mo sa Diyos ngunit hindi mo ginawa kagaya ng pangalawang anak.

Ang Diyos pagkatapos magkasala ng tao sa halamanan sa silangan ng Eden, ibinigay ang sumusunod sa babae at sa lalake. Ating basahin ang sumusunod na talata upang maunawaan kung ano ang pagsisisi at kung ano ng nais sa atin ng Diyos at manahimik pagkatapos nating magkasala:

***“15 At papagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong. 16Sinabi niya sa babae, Pararamihin kong lubha ang iyong kalumbayan at ang iyong paglilihi; manganganak kang may kahirapan; at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban, at siya'y papapanginoon sa iyo.17 At kay Adam ay sinabi, Sapagka't iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy na aking iniutos sa iyo na sinabi, Huwag kang kakain niyaon; sumpain ang lupa dahil sa iyo; kakain ka sa kaniya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal sa lahat ng mga araw ng iyong buhay;18Ang isisibol niyaon sa iyo ay mga tinik at mga dawag; at kakain ka ng pa nanim sa parang;19 Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa; sapagka't diyan ka kinuha: sapagka't ikaw ay alabok at sa alabok ka uuwi.20 At tinawag na Eva ng lalake ang kaniyang asawa, sapagka't siya ang naging ina ng lahat ng mga nabubuhay.21 At iginawa ng Panginoong Dios si Adam at ang kaniyang asawa ng mga kasuutang balat at sila'y dinamitan.22 At sinabi ng Panginoong Dios, Narito't ang tao'y naging parang isa sa atin, na nakakakilala ng mabuti at ng masama; at baka ngayo'y iunat ang kaniyang kamay at pumitas naman ng bunga ng punong kahoy ng buhay, at kumain at mabuhay magpakailan man: 23 Kaya pinalayas siya ng Panginoong Dios sa halamanan ng Eden, upang kaniyang bukirin ang lupaing pinagkunan sa kaniya.24 Ano pa't itinaboy ang lalake; at inilagay sa silanganan ng halamanan ng Eden ang mga Querubin at ang isang nagniningas na tabak na umiikot, upang ingatan ang daang patungo sa kahoy ng buhay.” (Genesis 3:15-24)***

Sa Banal na Kasulatan makikita natin ang mga bunga ng mga kasalanan na ibinigay ng Diyos sa lalake at babae, sapagkat sila’y sumalangsang sa mga iniutos ng Diyos at kumain mula sa ipinagbabawal na punong kahoy, ang

puno ng nakakaalam ng mabuti at masama. *Sa gayon, kapag ikaw ay nagkasala at sumalangsang laban sa Diyos asahan na tatanggapin mula sa Diyos ang bunga ng iyong mga kasalanan.*

***"15 At papagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong." (Genesis 3:15)*** Narito ang Diyos ay naglagay ng alitan sa pagitan ng ahas at ng babae at sa pagitan ng binhi nito at ng binhi ng babae, sa ganoon ang babae at ang kanyang mga anak at mga inapo ay nasa patuloy na pakikidigma at pakikibaka kay Satanas at sa mga demonyo na nakikipaglaban laban sa tao at sa kanyang mga inapo. *Kaya naman sa ilang panahon nahaharap tayo sa mga pakikibaka dahil si Satanas at ang mga demonyo nito ay nakikidigma laban sa atin*. Ngunit dito ipinangako ng Diyos na ang binhi ng babae ay dudurog sa ulo ng ahas, at iyon ay ang ebanghelyo na unang beses na ipinangaral sa harden ng Eden. Ang dugo din ay ibunuhos nang iginawa ng Diyos ng kasuutang balat ng hayop o mga hayop na Kanyang pinatay, "***21 At iginawa ng Panginoong Dios si Adam at ang kaniyang asawa ng mga kasuutang balat at sila'y dinamitan." (Genesis 3:21)*** Ang Diyos sa ganoon, ay ipinakita ang kanyang pag-ibig sa tao sa kabila ng kanyang mga kasalanan, Ipinaghanda Niya ng damit para sa tao na hubad at pinalitan ang dahon ng igos na tinahi ng tao para ipantakip sa kanyang sarili at yaon din ay tanda, sa pagbubuhos ng dugo, para gagawin ng Messiah, ang binhi ng babae, na darating at ng kanyang dugo sa krus para sa kapatawaran ng mga kasalanan.

***"16Sinabi niya sa babae, Pararamihin kong lubha ang iyong kalumbayan at ang iyong paglilihi; manganganak kang may kahirapan; at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban, at siya'y papapanginoon sa iyo." (Genesis 3:16)*** Inilagay dito ng Diyos sa babae ang bunga ng kanyang kasalanan, na kailangan niyang dumaan sa kalumbayan sa kanyang paglilihi at ang kanyang panganganak ay magiging mahirap. Possible bago siya mahulog sa kasalanan ipagpalagay sa prosesong ito ng pagbubuntis at panganganak ay hindi masakit, ngunit ngayon pagkatapos magkasala, ito ay masakit. Ang ibang disiplina na inilagay sa kanya ng Diyos na kailangan niyang magpasailalim sa kanyang asawa na anuman ang kanyang hangarin o naisin kailangan niyang bumalik sa kanya at humingi siya ng pahintulot gaya ng sinabi niya dito, "***at sa iyong asawa ay pahihinuhod ang iyong kalooban,",*** at para sa lalake sa panahong iyon ay kinakailangang mamuno sa kanyang asawa gaya ng sinabi niya dito, "***at siya'y papapanginoon sa iyo."***

***"17 At kay Adam ay sinabi, Sapagka't iyong dininig ang tinig ng iyong asawa, at kumain ka ng bunga ng punong kahoy na aking iniutos sa iyo na sinabi, Huwag kang kakain niyaon; sumpain ang lupa dahil sa iyo; kakain ka sa kaniya sa pamamagitan ng iyong pagpapagal sa lahat ng mga araw ng iyong buhay;18Ang isisibol niyaon sa iyo ay mga tinik at mga dawag; at kakain ka ng pananim sa parang;19 Sa pawis ng iyong mukha ay kakain ka ng tinapay, hanggang sa ikaw ay mauwi sa lupa; sapagka't diyan ka kinuha: sapagka't ikaw ay alabok at sa alabok ka uuwi." (Genesis 3:17-19)*** Dito inilagay ng Panginoon sa lalaki ang bunga ng kanyang kasalanan, dahil siya ay nakinig sa kanyang asawa at sinunod siya at hindi isinaalang alang ang sinabi ng Diyos sa kanya upang gawin. Ang babae ang nadaya ngunit si Adam ay hindi nadaya kundi naenganyo na sundin ang kanyang asawa, ***"14 At si Adam ay hindi nadaya, kundi ang babae nang madaya ay nahulog sa pagsalangsang;" (1 Timoteo 2:14)*** Ang kinahinatnan na inilagay ng Diyos sa kanya, na ang lupa ay susumpain dahil sa kanyang ginawa, na kinakailangan niyang kumita para kanyang ikapamumuhay sa kalumbayan at pagpapagal. Ang lupa ay magbubunga ng tinik at dawag upang maging mahirap ang trabaho ng lalaki. Ang kanyang pagkain ay magiging halaman, na kailangan niyang magtanim ng halaman at sa paghahanda ng lupa, pagbasag ng mga bugal, pagtatanim ng binhi, pagdidilig, at paghihintay sa pag-aani. Noong una siya ay namimitas lamang ng bunga mula sa mga punong kahoy saanman niya naisin upang makakain ngunit ngayon ay magiging mahirap para kitain ang kanyang pang-araw-araw na pagkain at kailangan niyang magpakapagal at magpawis upang kumita sa kanyang ikabubuhay. *Kaya naman makikita mo ng malinaw na kapag ikaw ay nagkasala at sumuway sa Diyos, ang buhay ay magiging mahirap at ang mga kaguluhan ay nagsisimula at ikaw ay nahihirapan sa paghahanap-buhay.*

***"22 At sinabi ng Panginoong Dios, Narito't ang tao'y naging parang isa sa atin, na nakakakilala ng mabuti at ng masama; at baka ngayo'y iunat ang kaniyang kamay at pumitas naman ng bunga ng punong kahoy ng buhay, at kumain at mabuhay magpakailan man: 23 Kaya pinalayas siya ng Panginoong Dios sa halamanan ng Eden, upang kaniyang bukirin ang lupaing pinagkunan sa kaniya.24 Ano pa't itinaboy ang lalake; at inilagay sa silanganan ng halamanan ng Eden ang mga Querubin at ang isang nagniningas na tabak na umiikot, upang ingatan ang daang patungo sa kahoy ng buhay." (Genesis 3:22-24)*** Kaya kinakailangan ng Diyos na paalisin ang tao palabas sa halamanan ng Eden upang ipatupad ang disiplina sa tao, upang umalis at magtrabaho sa lupa at kitain ang kanyang pagkain, at para doon naglagay siya ng mga anghel upang bantayan ang daan papunta sa puno ng buhay upang hindi magawa ng tao na abutin at kumain mula doon at mabuhay magpakailanman. Ang mga anghel ng Diyos na may nagniningas na tabak ay isang malinaw na mensahe sa tao na hindi siya maliligtas sa pamamagitan ng puno ng buhay sapagkat hindi niya maabot ito. Sa gayon kailangan niya at dapat maghintay at ilagay ang kanyang buong pagtitiwala sa pagdating ng Messiah. Kaya naman, iyon ang kailangang gawin natin ngayon, na dapat tayong magsisi sa ating mga kasalanan, at ibigay ang ating

pananampalataya at buong pagtitiwala kay Jesus at sa Kanyang ginawa sa krus upang maligtas at magkaroon ng walang hanggang buhay.

Paanong ang tao ay tumugon sa iniutos ng Diyos pagkatapos nilang magkasala? Siya ba ay nagsisi o hindi? Ngayon tingnan natin ang pagtugon ng tao sa disiplina ng Diyos at ang bunga ng kasalanan na inilagay ng Diyos sa kanya.

"***20 At tinawag na Eva ng lalake ang kaniyang asawa, sapagka't siya ang naging ina ng lahat ng mga nabubuhay." (Genesis 3:20)*** Ang ibig sabihin ang tao ay sumunod sa panukala ng Diyos, na siya ay sumang-ayon na ang kanyang asawa ay dadaan sa masakit na pagbubuntis at panganganak dahil tinawag niya itong ***"Eva"***, na ibig sabihin ay buhay. Ang Banal na Kasulatan ay nagsasabi sa atin na ang babae ay maliligtas sa pamamagitan ng panganganak: ***"15 Nguni't ililigtas siya sa pamamagitan ng panganganak, kung sila'y magsisipamalagi sa pananampalataya at pagibig at sa pagpapakabanal na may hinahon." (2 Timoteo 2:15)*** Ang pagbubuntis at panganganak ngayon ay paraan upang ang Messiah na ipapanganak mula sa babae. Mula din sa pagbubuntis at pagkatapos ng panganganak ang babae ay kailangang alagaan, palakihin at idisipolo at disiplinahin ang kanyang mga anak at palikihin sila bilang makaDiyos na mga anak para Diyos at labanan si Satanas at ang mga demonyo nito.

Tinanggap ni Adam ang mahirap na pagtatrabaho at tiyak siya ay nagtrabaho sa lupa na iniutos sa kanya ng Diyos para maglingkod at bungkalin upang magparami ng pagkain para sa kanya at sa kanyang pamilya.

Basahin pa natin ang tungkol sa pamilyang ito sa ***Genesis 4, "1 At nakilala ng lalake si Eva na kaniyang asawa; at siya'y naglihi at ipinanganak si Cain, at sinabi, Nagkaanak ako ng lalake sa tulong ng Panginoon.2 At sa muli ay ipinanganak ang kaniyang kapatid na si Abel. At si Abel ay tagapagalaga ng mga tupa; datapuwa't si Cain ay mangbubukid ng lupa.3 At nangyari nang lumalakad ang panahon ay nagdala si Cain ng isang handog na mga bunga ng lupa sa Panginoon.4 At nagdala rin naman si Abel ng mga panganay ng kaniyang kawan at ng mga taba ng mga yaon. At nilingap ng Panginoon si Abel at ang kaniyang handog:" (Genesis 4:1-4)*** Binasa natin dito na nakilala niya siya na ang tao ay nasimulang magparami. Nagkaroon si Eva ng kanyang unang anak, si Cain at pinatotohanan na nakuha niya siya mula sa Panginoon at isang magsasaka ang kagaya na trabaho ng kanyang ama na si Adam. Nagkaroon sila pagkatapos ang kanyang kapatid si Abel na nagaalaga ng tupa, at pareho silang pumunta upang sumamba sa Diyos kasama ng kani-kanilang mga handog; ang mga ito ay natutunan nila ang tungkol sa Diyos mula kay Adam at Eva na gumagawa upang sumunod sa Diyos at sa kanyang mga utos at upang sumunod sa kanyang mga paraan sa pagdadala ng mga bunga ng kanilang mga kasalanan at nabubuhay na naghihintay sa pag-asa sa Messiah na darating mula sa kanilang mga anak na dudurog sa ulo ng ahas at ililigtas sila.

Ang ilang mga tao pagkatapos nilang magkasala patuloy nilang inaalala ang mabuting buhay na mayroon sila dati bago sila nagkasala, ngunit hindi sila nagpopokus sa hinihiling sa kanila ng Diyos upang gawin pagkatapos nilang magkasala at batahin ang bunga ng kanilang mga kasalanan.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Maari mong matutunan ang sumusunod mula sa mensahe:

- Kailangan mong bumalik sa sinabi sa iyo ng Diyos.
- Kailangan mong magsisi at sumunod sa sinasabi sa iyo ng Diyos.
- Kailangan mong bumalik at gawin ang ipinangako mo sa Diyos.
- Kailangan mong tanggapin ang mga bunga ng iyong mga kasalanan at gawing possible ang iyong kaligtasan sa paraan na itinalaga ng Diyos para sa iyo, sa pamamagitan ng makipot na pintuan, sa tulong ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng JesuCristo na ating Panginoon.
- Magpokus sa iyong mga takdang gawain at huwag pagnilayan ang iyong naunang buhay ng iyong kasalanan.

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay para sa aking mga kasalanan sa krus at nabuhay na maguli sa pagkamatay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay.*

*Ipagtapat ngayon ang iyong kasalanan sa Panginoon______________, Ipagtapat ang mga bagay na ikaw ay tumangging sumunod sa Diyos, at italaga ang iyong sarili na gawin ang hinihingi sa iyo ng Diyos. Ipangako ang iyong sarili na bumalik at gawin ang iyong ipinanagko na gagawin para sa Diyos. Ipangako ang iyong sarili na babatahin ang mga bunga ng iyong mga kasalanan at handang sumunod sa mga paraan ng Diyos upang gawing possible ang iyong kaligtasan at maging handa na dumaan sa makipot na daan at hindi sa iyong sariling paraan at kalooban.*

*Panginoon inilalagay ko ang aking sarili sa iyong kamay, Ako'y handang sumunod sa iyong plano ng kaligtasan sa buong sangkatauhan at ako'y handang pumaroon at maglingkod sa iyo at mapasa lugar na nais mo. Panginoon ako'y handang dumaan sa mga bunga ng aking mga kasalanan at gawin ang mga ito.*

*Panginoon aking ipinapanalangin ang aking mga Kapatiran na nagsisi mula sa kanilang mga kasalanan at maling gawain at nagtalaga ng kanilang sarili upang maglingkod sa iyo at gawin at tanggapin ang bunga ng kanilang mga kasalanan at isabuhay ang kanilang buhay para sa iyo. Panginoon pagpalain sila at paging dapatin sila at ibigay ang para sa kanila upang sila'y makapagpatuloy na sumunod sa iyong plano at dumaan sa makipot na pintuan. Panginoon aking ipinapanalangin na kanilang ipasakop ang kanilang sarili nang ganap sa iyo at simulang magparami ng bunga ng pagsisisi at ang bunga nga Banal an Espiritu na makikita si Jesus sa kanilang pamumuhay at gawa.*

*Panginoon aming ipinapangko ang aming sarili bilang isang simbahan na pumaroon at gawin ang misyong gawain na nais mong gawin namin. Panginoon pusposin kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming paglilingkod na pumaroon at ipangaral ang ebanghelyo at magebanghelyo at abutin ang nawawala at gumawa ng bagong mga disipolo. Panginoon protektahan kami at ibigay ang para sa amin at paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.